# ANG PAGSASABI NG HINDI

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis. Techie Rodriguez, TLF-Elder Founder
Marso 11, 2023

Bilang mga tagasunod ni Kristo, tayo'y nasa panganib sa pag-ako ng mga responsibilidad sa mga bagay na di naman natin dapat gawin. Ang totoo ay hindi kailanman magiging kumpleto ang ating gawain o kaya'y makakikilala tayo ng mga taong lubhang nangangailangan ng ating tulong. Paano tayo mamumuhay at makasasabay sa bilis ng takbo ng buhay kung patuloy tayong namumuhay na para bang hindi sapat ang 24/7? Kailangan nating malaman kung anong mga gawain ang hindi naaayon sa kalooban ng Diyos, para makapokus tayo sa mga bagay na nais Niyang ipagawa sa atin (Juan 17:4). Hindi Niya tayo binibigyan ng mga gawain na higit pa sa ating lakas o kakayahan. Kaya, dapat matuto tayong magsabi ng HINDI sa tao, at magsabi ng OO sa Diyos.

**Paano hinarap ni Hesus ang napakalaking *pressure* sa panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa?**

1. **Ang panalangin sa umaga ang Kanyang prioridad sa araw-araw** (Marcos 1:35-37). Nagtungo Siya sa isang liblib at tahimik na lugar. Nagsabi rin siya ng HINDI sa Kanyang mga alagad na gusto Siyang papuntahin sa mga taong naghihintay sa Kanya. Higit sa lahat nais ni Hesus na matupad ang agenda ng Diyos para sa Kanyang buhay (Jn. 4:34).

2**. Nagsabi ng HINDI si Hesus sa mga kaaway.** (Mt.4:1-11) Ginamit ni Hesus ang Banal na Kasulatan sa pagsabi ng HINDI. Gayundin naman, kailangan tayong matutong tumugon batay sa Banal na Kasulatan (Jn 14:26-27;Jn 4:7). Kailangan nating paalalahanan ang ating sarili na magsabi ng OO kay Hesus at dapat nating hintayin ang perpekto Niyang plano para sa atin (Filipos 4:13).

3**. Nagsabi ng HINDI si Hesus sa Agenda at *Timetable* ng Tao.** ( Mga Gawa 1:7; Lucas 12). Siya ay nasa tamang *timing* ng Diyos (Juan 6:14-15). Kaya naman, may mga sitwasyon na hindi tayo dapat makialam. Kaya kailangan nating humingi ng patnubay sa Diyos.

3.1 Nagsabi si Hesus ng HINDI sa Kanyang minamahal na Ina sa kasalan sa Cana dahil hindi pa Niya panahon para gumawa ng himala (Jn.2).

3.2 Nagsabi ng HINDI ang ating Panginoon kay Pedro na sumubok na hadlangan Siya sa Kanyang misyon (Mt.16:21-23).

4**. Si Hesus ay nagsabi ng HINDI sa atin! Hangad din natin ang OO Niyang sagot ngunit tumutugon din Siya ng HINDI:**

4.1 HINDI ang sinabi ng Panginoon kay Barabas, OO kay Mathias (Mga Gawa 1:23-26).

4.2 HINDI ang sabi ng Panginoon sa pakikiapid, OO sa kadalisayan (Gal.2:20). Tayong mga Kristiyano ay dapat magsabi ng HINDI sa kasalanan gaano man ito kaibig-ibig. Dapat tayo ay laging matuwid sa harap ng Diyos.

4.3 Kung hindi pumapayag ang Diyos sa ating mga plano, ano ang dapat nating gawin? Kailangan nating manatili sa kapangyarihan ni Kristo at Siya ang maghari sa atin.

4.4 Kapag sinabi Niyang HINDI sa atin siguradong may mas mabuti Siyang plano para sa atin.

**5. Ang pinakamahirap na HINDI na masasabi ng tao ay ang paglayo sa krus. Ang kabutihan ng Diyos ang nag-uudyok sa atin para magpatuloy anuman ang pagsubok sa buhay.**

5.1 Humindi tayo sa tukso, anuman ang mangyari o kahihinatnan nito.

5.2 Huwag tumanggi kung tinatawag tayo ni Kristo (Hebreo 12:25).

**6. Tumanggi sa kasalanan (Roma 6:12-14). Sinabi ni Hesus sa babae."Huwag ka na muling magkasala."**

**Konklusyon:**

Ituon lamang natin kay Hesus ang ating mga mata. Sabihin sa sarili HINDI, Hindi kay Satanas/kasalanan at laging OO sa ating Diyos!

**Pagninilay:**

1. Ang mga salitang ito ba ang naglalarawan ng estado mo sa pag-iisip: pagod na pagod, hungkang, o inalipin? Ano ang gusto ng Diyos na unahin mo?
2. Kung nakaharap sa sitwasyon o desisyon, magtanong muna: Ito ba ang nais ng puso mo? Ano ang gagawin mo para maliwanagan ka sa iyong desisyon?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pagsunod#Panalangin